



Ranked-Choice Voting

San Francisco voters use ranked-choice voting to elect most local offices. The names of all candidates are listed in three repeating columns on the ballot. You can rank up to three candidates for the same office.

- Select only **one candidate** per column
- Select a **different candidate** in each column
- To rank fewer than three candidates, leave any remaining columns blank

Pagbotong Rank-Choice (Pag-antas ng Kandidato)

Ginagamit ng mga botante ng San Francisco ang pagbotong rank-choice (pag-antas ng kandidato) para hirangin ang karamihan sa mga lokal na katungkulan. Nakalista ang mga pangalan ng lahat ng mga kandidato sa tatlong paulit-ulit na hanay sa balota. Maaari kayong mag-antas ng hanggang sa tatlong kandidato para sa iisang katungkulan.

- Pumili lamang ng **isang kandidato** sa bawat hanay
- Pumili ng **naibang kandidato** sa bawat hanay
- Sa pag-antas ng mas mababa sa tatlong kandidato, iwanang blanko ang mga natitirang hanay



How Ranked-Choice Voting Works

Everyone's first-choice vote is counted.

If a candidate has the majority of first-choice votes — more than half — that candidate wins.

If no candidate has the majority of first-choice votes, the candidate in last place is eliminated.

Votes for the eliminated candidate transfer to the next-choice candidates marked on those ballots.

If one candidate has the majority after these remaining votes are transferred, that candidate wins.

If there is still no candidate with the majority of votes, the process of eliminating candidates and transferring remaining votes continues until one candidate has the majority.

Kung Paano Isinasagawa ang Pagbotong Rank-Choice

Bibilangin ang lahat ng mga boto na nasa unang pinili.

Kung makakuha ng pinakamaraming boto ang isang kandidato sa mga boto na nasa unang pinili — mahigit sa kalahati — panalo ang kandidatong iyon.

Kung wala sa mga kandidatong unang pinili ang may pinakamaraming boto, tanggal ang kandidatong nasa huling puwesto.

Ang mga boto para sa natanggal na kandidato ay ililipat sa susunod na piniling kandidato na minarkahan sa mga balotang iyon.

Kung makakuha ng pinakamaraming boto ang isang kandidato matapos bilangin ang mga nailipat na boto, panalo ang kandidatong iyon.

Kung wala pa ring kandidatong makakuha ng pinakamaraming boto, itutuloy ang proseso ng pagtatanggal ng mga kandidato at paglilipat ng mga natirang boto, hanggang sa makakuha ng mayorya ang isang kandidato.